# SB 1350 at Pagprotekta sa mga Manggagawa ng Serbisyo sa Tahanan

## ANO ANG SB 1350?

Noong 2024, nilagdaan ni Gobernador Newsom ang batas na SB 1350. Magkakaroon ng bisa sa Hulyo 1, 2025, pinalawak ng SB 1350 ang mga proteksyon sa ilalim ng Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Act) ng California sa mga manggagawa na nagtatrabaho sa isang negosyo para magserbisyo sa sambahayan. Sa ilang sitwasyon, maaaring nasasaklaw din ang mga manggagawang nagtatrabaho sa mga pribadong sambahayan.

## MGA NEGOSYONG SAKLAW NG SB 1350

Ang mga negosyong nagha-hire ng mga manggagawa para sa serbisyo sa sambahayan sa pansamantalang o permanenteng batayan ay magiging responsable sa paglikha ng isang ligtas na lugar ng trabaho, tulad ng iniaatas ng Pamagat 8.

Ang mga halimbawa ng mga negosyong saklaw nito ay ang mga ahensya na nag-aalok ng serbisyo para sa pangangalaga ng tahanan, kompanya na nag-aalok ng serbisyo para sa paglilinis ng bahay (na maaaring kasama ang paglilinis sa bahay ng "mga route owner"), at kompanya na nag-aalok ng serbisyo sa landscaping at gardening ng tirahan.

May mga eksepsyon. Mananatiling hindi kasali ang ilang negosyo kung:

- Ang trabahong ito ay pinondohan ng publiko, sa kabuuan o sa bahagi, kabilang ang In-Home Supportive Services (IHSS).
- Isinasagawa ang trabahong sa at para sa isang lisensyadong family day care home.

## ANO ANG CAL/OSHA?

Ang Cal/OSHA ay ang ahensya ng estado ng California na responsable sa pagpapatupad ng mga pamantayan sa kaligtasan at kalusugan ng manggagawa. Kabilang sa mga pangunahing responsibilidad ng Cal/OSHA ang:

- Pagpapatupad ng mga regulasyon sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho,
- Pagsasagawa ng mga inspeksyon upang matiyak ang pagsunod sa mga batas sa kaligtasan, at
- Nagbibigay ng libreng serbisyo ng pagsasanay at konsultasyon sa mga employer at empleyado.

## ANO ANG PAMAGAT 8?

Ang Pamagat 8 ng Code ng Mga Regulasyon ng California ay ang pangunahing katawan ng mga regulasyon sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho na ipinatutupad ng Cal/OSHA. Sumasaklaw ang regulasyon sa isang malawak na hanay ng mga isyu sa kaligtasan sa lugar ng trabaho, kabilang ang:

- Mga Nakakalasong Kemikal at Substansya
- Mga Panganib na nauugnay sa Makina
- Pag-iwas sa Sakit na Dulot ng Init
- Mga Panganib na nauugnay sa Kuryente
- Mga Pinsala dahil sa Paulit-ulit na Paggalaw

## KUNG HINIRE AKO NG ISANG THIRD-PARTY NA AGENCY, PAANO AKO MAAAPEKTUHAN NG SB 1350?

Itinuturing ang third-party na ahensya bilang isang employer na napapailalim sa Pamagat 8 maliban kung ang trabaho ay pinondohan ng publiko, kung saan, mae-exempt ang trabaho mula sa pagsasaklaw ng Cal/OSHA.

## KAPAG MAAARING SAKLAWIN ANG ISANG PRIBADONG SAMBAHAYAN

Ang mga pribadong sambahayan (ibig sabihin, mga may-ari ng tahanan o nangungupahan) na direktang naghi-hire ng mga manggagawa para magtrabaho maliban sa "mga ordinaryong gawain sa sambahayan" ay maaaring sumailalim sa pagsasaklaw ng Pamagat 8 kung ang manggagawa ay isang empleyado ng sambahayan at hindi isang independiyenteng kontratista. Kabilang sa "mga ordinaryong gawain sa bahay" ang paglilinis, pagluluto, pag-aalaga, at routine gardening. Kabilang sa mga halimbawa ng trabaho na maaaring magresulta sa paglalapat ng Pamagat 8 ang:

- Pagpipinta ng panlabas na bahagi ng isang tahanan
- Re-roofing ng isang bahay
- Remediation at paglilinis laban sa amag at sunog
- Mga trabaho para sa pagmamantini ng pool na nangangailangan ng isang lisensya, tulad ng trabaho sa mga bomba, filter, heater, o bahagi ng kuryente (mga switch, breaker, ilaw)
- Konstruksyon o pagbabago sa istruktura ng tahanan (remodeling) tulad ng pagdaragdag ng isang silid sa bahay o pagtayo ng isang accessory dwelling unit

DRAFT

STATE OF CALIFORNIA CAL/OSHA DEPARTMENT OF INDUSTRIAL RELATIONS

**Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugn sa Trabaho**
**(Division of Occupational Safety and Health)**

# FACT SHEET PARA SA MGA MANGGAGAWA

## MGA KARAPATAN NG EMPLEYADO SA ILALIM NG PAMAGAT 8

May karapatan ang isang empleyado sa mga sumusunod:

- Mga ligtas at malusog na kondisyon sa pagtatrabaho,
- Pagsanay mula sa kanilang employer tungkol sa mga panganib sa lugar ng trabaho at karapatan ng mga manggagawa,
- Na hilingin sa kanilang employer ang impormasyon tungkol sa mga pamantayan ng CAL/OSHA, pinsala at sakit ng manggagawa, panganib sa trabaho, at karapatan ng mga manggagawa,
- Na humiling ng pag-access sa Programa sa Pag-iwas ng Pinsala at Sakit (Injury and Illness Prevention Program, IIPP) ng kanilang employer,
- Na hilingin sa kanilang employer na itama ang mga panganib o hindi ligtas na kondisyon, at
- Na maghain ng reklamo sa Cal/OSHA tungkol sa mga paglabag sa Pamagat 8 o anumang panganib sa lugar ng trabaho.

## MGA PROTEKSYON PARA SA MGA IMIGRANTENG MANGGAGAWA

Pinoprotektahan ng Cal/OSHA ang kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa, anuman ang katayuan sa imigrasyon, at hindi nagtatanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng isang manggagawa, nagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon, o nag-uulat sa anumang awtoridad sa imigrasyon.

## MGA RESPONSIBILIDAD NG EMPLOYER

May responsibilidad ang mga employer na magbigay ng isang ligtas na lugar ng trabaho. Sa ilalim ng Pamagat 8, kabilang sa mga pangunahing responsibilidad ng employer ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pagtatag, pagpapatupad, at pagpapanatili ng isang mabisang Programa sa Pag-iwas ng Pinsala at Sakit (Injury and Illness Prevention Program, IIPP),
- Pagsusuri sa mga lugar ng trabaho para tukuyin, suriin at itama ang mga panganib na maaaring makasakit sa mga manggagawa,
- Pagtiyak na ang mga empleyado ay mayroon, gumagamit, at maayos na minamantini ang mga ligtas na tool at kagamitan,
- Paggamit ng mga palatandaan at label para magbigay ng babala sa mga empleyado tungkol mga panganib,
- Pagbibigay at pagbabayad para sa personal na kagamitang pang-proteksyon (personal protective equipment, PPE) kapag ipinag-uutos ng batas, at
- Pag-uulat kaagad sa Cal/OSHA tungkol sa malulubhang pinsala o pagkamatay sa lugar ng trabaho.

## PAANO PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI

Magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga panganib sa iyong lugar ng trabaho at tanungin ang iyonemployer kung ano ang mga ginagawa para protektahan ka.Nag-aalok ang Cal/OSHA ng iba't ibang mapagkukunan at materyales sa edukasyon sa isang malawak na hanay ng paksa sa https://www.dir.ca.gov/dosh/.

Maaaring makipag-ugnayan ang mga manggagawang may mga tanong tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho sa Call Center ng Cal/OSHA sa 833-579-0927 para makipag-usap sa isang kinatawan na nakakapagsalita ng dalawang wika sa pagitan ng 9:00 A.M. at 7:00 P.M.

## PAANO MAGHAHAIN NG REKLAMO

Kung nag-aalala ka tungkol sa hindi ligtas na mga kondisyon sa pagtatrabaho, maaari mong iulat ang isyu sa Cal/OSHA. Pananatilihing kumpidenysal ng Cal/OSHA ang iyong pangalan maliban kung hihilingin mong hindi gawin ito. Maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag, pag-email, o pagbisita sa isang tanggapan ng distrito ng Cal/OSHA na sumasaklaw sa lokasyon ng iyong trabaho.

Para matagpuan ang iyong lokal na tanggapan at matuto pa tungkol sa proseso ng pag-uulat, bisitahin ang https://www.dir.ca.gov/dosh/complaint.htm, tumawag sa 833-579-0927, o i-scan ang QR code na nasa ibaba.

## PROTEKSYON LABAN SA PAGHIHIGANTI

Labag sa batas para sa isang employer na magbanta, tanggalin, i-demote, o suspindihin ang isang empleyado dahil sa pag-uulat ng mga panganib sa isang employer, paghahain ng reklamo sa CAL/OSHA, pagtangging magtrabaho sa ilalim ng mga hindi ligtas na kondisyon, o pakikilahok sa isang imbestigasyon o apela sa CAL/OSHA. Kung gumanti ang employer laban sa isang empleyado, may karapatan ang empleyado na maghain ng reklamo sa Komisyoner sa Paggawa ng California. Matatagpuan ang impormasyon kung paano maghahain ng reklamo sa https://www.dir.ca.gov/DLSE/rci_osha_complaint.htm.



DRAFT